Allied Waste Services of Daly City

Community Newsletter (palibot-sulat pangkomunidad)

1680 Edgeworth Avenue,
Daly City, California, 94015

Presorted
Standard
U.S. Postage
PAID
Daly City, CA
Permit No.145

Para sa pagsasalin ng pahayagang ito, mangyaring bumisita sa
www.alliedwastedalycity.com/newsletter.cfm

♻ Ang balitang-liham na ito ay inilimbag sa papel na hindi kukulangin sa limampung porsiyento (50%) na niresaykel na nilalaman ng papel kabilang ang hindi kukulangin sa sampung porsiyento (10%) pagkatapos ng gumagamit na niresaykel na nilalaman ng papel.

Serbisyong Pang-Customer
(650) 756-1130
7:00 a.m.—5:00 p.m. bawat weekday (Monday hanggang Friday).
Patalastas para sa Commercial (pangnegosyo), Residential (pangtahanan) Service at Recycling.

Serv-U-Debris Box Service (lalagyan ng mga pira-pirasong panapon)
(650) 756-1130

Mussel Rock Transfer Station (pinagsasamahan ng panapon)
Mon—Sat, 8:00 a.m.—5:00 p.m.
(650) 756-1130

Ox Mountain Landfill (tambakan ng panapon)
(650) 726-4718

Website
www.alliedwastedalycity.com

Recycleworks
Gamit-yaman para sa pagpigil ng pag-aksaya, recycling (paggamit muli ng panapon) at composting (paggawa ng lupa mula sa panapong nabubulok).
(888) 442-2666 www.recycleworks.org

Household Hazardous Waste (mga panapong mapanganib sa kalusugan)
Isinasagawa para sa buong county.
(650) 363-4718
www.smhealth.org/environ/toxic/hhw.html

Fall 2010

ALLIED WASTE SERVICES
A REPUBLIC SERVICES COMPANY

Allied Waste Services of Daly City

Allied Waste Services ng Daly City

Nasa issue na ito ng Today • Si Tony Boccaleoni ay NASA LAHAT NG LUGAR! • Tumutulong sa mga Biktima ng Sunog ng Sunog sa San Bruno • Taunang Piknik-Walang Basura! • Paglilinis ng Thornton Beach Kapaki-pakinabang na Patnubay sa Pagresaykel at Basura sa Yard • Patnubay sa Wastong Paglalagay ng Cart

Nakita ba ninyo *ang taong ito?*

Ang Pangkalahatang Tagapamahala ng Allied Waste Services of Daly City

na si Tony Boccaleoni ay lubos na sersyoso at kanyang tungkulin at lumalahok sa lahat ng bahagi ng kanyang gawain.

Kabilang dito ang mga ruta ng paghakot bawat linggo at paglalakad sa mga kapitbahayan upang masuri ang mga nilalaman ng mga cart ng pagresaykel upang matiyak na ang mga residente ay tumatanggap ng tamang edukasyon upang maging mga matagumpay na tagaresaykel. Ito ay nagbibigay rin kay Tony ng pagkakataon na makaharap ang ang mga parokyano, sagutin ang mga tanong at mamahagi ng karagdagang babasahin sa pagresaykel at ibang mga serbisyo sa tabi ng gilid ng bangketa na ipinagkakaloob ng Allied.

"Mahalagang malaman ng ating mga parokyano na ang bawat empleyado sa Allied ay nagsisikap na magkaloob ng pinakamahusay na serbisyong posible. Mula sa aming mga drayber hanggang sa serbisyo sa parokyano hanggang sa pangkalahatang tagapamahala—narito kami para tumulong. Ito ang dahilan kung bakit tinitiyak ko na personal na bisitahin ang mga ruta bawat linggo upang matiyak na ang ating mga parokyano ay tumatanggap ng lahat ng kailangan nila kabilang ang impormasyon tungkol sa wastong paglalagay ng cart at mga patnubay sa pagresaykel."

— Tony Boccaleoni, Pangkalahatang Tagapamahala ng Allied

Kung kayo ay may mga tanong, tawagan kami mula Lunes-Biyernes, Friday, 7am-5 pm sa (650) 756-1130. Narito kami para sa inyo! O bisitahin kami sa: www.alliedwastedalycity.com

Sinusuportahan ng Allied ang *mga Residente ng San Bruno.*

Bagaman ang Allied Waste of Daly City ay hindi nagkakaloob ng serbisyong paghakot sa Lunsod ng San Bruno, bilang kapitbahay ikinararangal namin na magbigay ng suporta sa mga biktima ng pagsabog ng linya ng tubo sa San Bruno. ***Sa umaga ng Setyembre 10, ang Allied ay nagbigay ng kontribusyon sa halagang $1,000 nang tuwiran sa Balangay sa Bay Area ng American Red Cross.*** Alam namin na ang mga residente ng San Bruno ay lubhang nangangailangan ng pagkain, damit at tirahan at ang donasyong pera ay pinakamahusay na paraan upang matulungan sila.

American Red Cross

Ang ilang empleyado ng Allied Waste ay naninirahan sa loob o paligid ng kapitbahayan ng Crestmoor at, habang ang lahat ay ligtas noong mangyari ang insidente, kumilos kami sa pinakamabilis na paraang posible upang tulungan ang kanilang mga kaibigan, kapitbahay at kapwa mamamayan.

Bayan ng Colma

Taunang Piknik: Kaganapang Walang Basura!

Ang Bayan ng Colma at Allied Waste Services of Daly City ay nagtulungan ang mga inisyatibong Walang Basura sa Taunang Piknik ng Bayan na ginanap noong Setyembre 11, 2010. Ang Allied ay nagkaloob ng maraming sisidlan para sa paghakot ng mga maireresaykel, organikong materyal at anumang nalalabing aytem ng basura. Ang kaganapan ay binuo ng pagpiknik, mga larong karnabal, pagpapakita ng pagkatuwa sa alagang hayop, mga pagsakay sa buriko at buhay na musika— lahat ng mga kinatutuwaan na lumilikha ng dating tinatawag natin na basura lamang. ***Sa mga nasusuportahang sebisyo ng Allied at pagsisikap na kasama ang mga opisyal at tuhan ng Bayan, ang paglikha ng pagkakataon na Walang Basura sa Piknik ng Bayan ay madali.*** Ikinararangal naming lahat sa Allied na naging kalahok sa kaganapan at inaasahan ang pagsuporta sa mga luntiang inisyatibo ng Colma para sa mga lahat ng kaganapan sa hinaharap!

Ang Allied Waste *ay lumahok sa ika-20 taunang paglilinis ng Thornton Beach.*

Ang Allied Waste ay naniniwala sa pagkakaloob hindi lamang ng pinakamahusay na serbisyong paghakot ng basura sa ating mga residente at negosyo, kundi upang tumulong din sa pagpapanatili ng aming lugar ng serbisyo sa kabuuan na malinis at luntian. Bilang suporta sa ika-20 anibersaryo ng Paglilinis ng Thorton Beach, ang Allied ay naghandog ng mga sisidlan ng basura at pagresaykel upang hakutin ang mga materyal mula sa Dalampasigan at mga nakapaligid na lugar ng maraming boluntaryo. ***Sa taong ito humigit-kumulang na 400 libra ng basura at 80 libra ng maireresaykel ang nahakot sa 2 milya ng dalampasigan at 2 milya ng gma landas ng baybayin.*** Tandaan na gawin ang inyong bahagi upang panatilihin ang ma pampublikong lugar na walang mga kalat at mga maireresaykel!

Itago itong madaling gamitin na panuto pang-recycle at yardwaste sa lugar na madaling maabot sa bahay ninyo para sa *madaliang sanggunian!*

Asul na Recycling Cart

Oo Plastic 1–7
Oo Mga Plastic Bag 4
Oo Mga Bote at Lata
Oo Halo-halong Papel
Oo Salamin
Oo Mga Kahong Pam-Pizza
Oo Panapong Bakal (tumitimbang hanggang 10 lbs na walang kawad o kadena. Dapat maipapasok sa cart)
Oo Mga Bateryang Pantahanan at Compact Fluorescent Lamp (CFL). Ipagsamasama ang mga batterya at CFL sa nakahiwalay na mga masisilip, kagaya ng zip-lock, na plastic bag, lagyan ng angkop na pagsasalarawan at ipatong sa takip ng recycle cart.
Oo Langis Pangsasakyan (ilagay sa tabi ng bangketa, sa loob ng sisidlang isang-gallon, at i-tape nang sarado ng takip). Hagang 2 sisidlang isang-gallon lamang sa bawat pangolekta.
Oo Karton: Laging pantayin at hatiin o tiklupin ang karton upang magkasya sa inyong cart. Kapag ang cart ay puno na, pantayin at iakma ang sukat ng karton upang magkasya sa cart, at saka ilagay ito sa tabi ng cart. Ang inyong drayber ay maaaring humakot ng karton na nakalagay sa tabi ng cart kapag ito ay maaaring magkasya sa loob ng cart. Ang karton na hindi kasya sa inyong cart ay hindi mahahakot. Tawagan ang Serbisyo sa Parokyano sa (650) 756-1130 kung may mga tanong.

Hindi— Basura
Hindi— Mga Incandescent na Light Bulb (pangkaraniwang bumbilya) (ilagay sa cart na pambasurahan)
Hindi— Waxed cardboard
Hindi— Papel na nadumihan ng pagkain (mga papel na plato o napkin)
Hindi— Aklat na Hardback (matigas na harap at likod)
Hindi— Mga blueprint o carbon paper
Hindi— Anumang klaseng Styrofoam
Hindi— Mga itim na plastic
Hindi— Mga Ceramic mug, pang-iinuman na baso, salamin pambitana o panalamin
Hindi— Mga laruan or paso mula sa nursery
Hindi— Mga plastic na timba, basket, kahon, cart o clamshell (may takip parang tulya)

Berdeng Cart na Pang-Yard Waste (panapon mula sa paligid ng bahay)

(Wala ba kayo ng serbisyong pang-yard waste? Tawagan ang Allied Waste sa (650) 756-1130 para simulan ang serbisyo ngayon din!)

Oo Pinutol na Damo
Oo Mga Dahon
Oo Mga Pinutol na Puno at Tanim
Oo Mga Weeds

Hindi— Tira-tirang pagkain, prutas o gulay
Hindi— Dahon ng mga tanim na Palm, Cactus, Bamboo o Yucca
Hindi— Lupa, dumi o bato
Hindi— Plywood o treated wood o kahoy na may pako
Hindi— Basura
Hindi— Bag na Plastic
Hindi—Dumi ng mga Hayop
Hindi— Mga Tree Stump (tuod ng puno)
Hindi— Mga maaring I-Recycle
Hindi— Sanga ng Puno ng lampas sa 4ft. ang haba
Hindi— Sanga ng Puno ng lampas sa 2" ang kapal

PAGTIPON NG BATERYA (ilagay sa ibabaw ng takip)

PAGTIPON NG CFL (ilagay sa ibabaw ng takip)

PLASTIC o SALAMIN

HALO-HALONG PAPER

MGA BOTE AT LATA

PANGOLEKTA NG LANGIS

TAMANG Pagposisyon ng CART

Tandaan: 2 x 2 x 2 !

Dalawang talampakan mula sa gilid ng bangketa, dalawang talampakan na magkalayo at dalawang talampakan mula sa anumang nakapirming bagay.

Magkaiiba ang mga magkakapitbahay sa Daly City at Colma at ang isang paraan ng paglagay sa labas ng kariton na nagagamit sa isang kalye ay maaring hindi magagamit sa iba.

Para sa mga customer namin na nangangailangan ng pagtulong sa paglagay sa labas ng kariton nila, naglalagay ang Allied Waste ng etiketa sa hawakan ng kariton ninyo. Kagaya ito ng "luggage tag" (etiketang pambagahe), ikakabit ang cart tag sa pamamagitan ng isang zip tie na magiging simple at madaling unawaain na pagsasalarawan ng mga tamang option (pagpipiliang). May halimbawang tag sa kanan na nagpapakita ng tatlong option sa cart set-out.

Kung mayroon kayong mga katanungan tungkol sa cart set-out sa araw ng pangolekta, paki-tawagan ang Allied Waste Customer Service sa (650) 756-1130, Monday-Friday, mula 7 a.m. — 5 p.m.

3 Iba-ibang Pamimilian na magagamit!

TAMANG PAGPOSISYON NG CART

UNANG OPTION

IKALAWANG OPTION

Sa mga Araw na Linilinis ang Kalye

Huwag ilagay ang mga cart sa kalye sa mga panahong paglilinis na pinhahayag sa mga paskil. Maaring nag-babago ang mga panahon ayon sa route/araw.

May katanungan? Tawagan ang Allied Waste Services of Daly City sa (650) 756-1130